{Sabihin mo: "Allāhumma -kfinī bi-ḥalālika `an ḥarāmika, wa-aghninī bi-faḍlika `amman siwāk. (O Allāh, magbigay-kasapatan Ka sa akin sa pamamagitan ng ipinahintulot Mo sa halip ng ipinagbawal Mo at magpayaman Ka sa akin sa pamamagitan ng kabutihang-loob Mo sa halip ng sinumang iba pa sa Iyo.)"}

Ayon kay `Alīy (malugod si Allāh sa kanya): {May isang mukātab[6] na dumating sa kanya saka nagsabi ito: "Tunay na ako ay nawalang-kakayahan na sa mukātabah[6] ko kaya tulungan mo ako."} Sinabi: {Hindi ba ako magtuturo sa iyo ng ang mga salita na itinuro sa akin ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), na kung sakaling sa iyo ay may tulad ng bundok ng Ṣīr na pagkakautang, magbabayad nito si Allāh para sa iyo?} Sinabi: {Sabihin mo: "Allāhumma -kfinī bi-ḥalālika `an ḥarāmika, wa-aghninī bi-faḍlika `amman siwāk. (O Allāh, magbigay-kasapatan Ka sa akin sa pamamagitan ng ipinahintulot Mo sa halip ng ipinagbawal Mo at magpayaman Ka sa akin sa pamamagitan ng kabutihang-loob Mo sa halip ng sinumang iba pa sa Iyo.)"}
[Maganda] [Nagsalaysay nito si Imām At-Tirmidhīy]

May dumating sa pinuno ng mga mananampalataya na si `Alīy bin Abī Ṭālib (malugod si Allāh sa kanya) na isang lalaking alipin na ang Pinapanginoon nito ay nakipagkasunduan na rito na bilhin nito ang sarili nito at palalayain niyon ito upang ito ay maging isang malaya. Wala itong salapi kaya nagsabi ito: "Tunay na ako ay nawalang-kakayahan na sa pagbabayad ng kailangan sa akin kaya tulungan mo ako sa pagbayad nito sa pamamagitan ng salapi o pagtuturo at paggabay." Nagsabi naman dito ang pinuno ng mga mananampalataya: "Hindi ba ako magtuturo sa iyo ng mga salita na itinuro sa akin ng Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan), na kung sakaling sa iyo ay may utang na tulad ng isang bundok na ang pangalan ay Ṣīr ng Liping Ṭay', talagang magbabayad nito si Allāh para sa iyo sa karapat-dapat dito at sasagip Siya sa iyo mula sa kahamakan nito?" Nagsabi siya: Sabihin mo: "O Allāh, magbigay-kasapatan Ka sa akin" at magbaling Ka sa akin at magpalayo Ka sa akin "sa pamamagitan ng ipinahintulot Mo" habang nagpapatulong dito "sa halip ng" pagkasadlak sa "ipinagbawal Mo" "at magpayaman Ka sa akin" at magbigay-kasapatan Ka sa akin "sa pamamagitan ng kabutihang-loob Mo" at kagalantehan Mo "sa halip ng sinumang iba pa sa Iyo" mula sa nilikha.


النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC
E-Da'wah Committee